

1

“Come, Charlie, let’s dance!”

Napasulyap si Charlie sa kaibigang si Samantha saka umiling. Bagaman ngayon ang araw ng kanilang pagtatapos sa kolehiyo ay hindi niya makuhang magsaya. She felt gloomy. Sa katunayan, napapailing na lang ang ilan pang kaibigan sa nakitang mood niya ngayong araw.

Sa kasalukuyan ay naroon ang mga ito sa dance floor ng bar; nilulunod ang mga sarili sa nakabibinging musika.

Sa harapan niya ay nagpamaywang si Samantha. She looked worried and displeased with her at the same time. Anito sa kanya, “Ano ka ba naman, Charlie! This is our graduation night! You should celebrate instead of drinking yourself to death!”

“I am celebrating in case you didn’t notice.”

“Yeah, sure you are,” she said skeptically. “Ano ba talaga ang problema? Kanina ka pa ganyan, ah.”

Of course, Sam will notice.

Mula nang pumasok siya bilang freshman sa

university, ito lang talaga ang naging kaibigan niya— tunay na kaibigan. Ito ang unang nakakaramdam kapag mayroon siyang problema. Ang kaso, hindi niya alam kung ano ang eksaktong pinoproblema niya ngayon, kaya ano ang magagawa niya kundi mag-deny?

“Wala akong problema, Sam, o kung meron man, ikaw siguro ‘yun. Kanina mo pa ako kinukulit, eh.”

Her friend rolled her eyes in disbelief.

“Just enjoy the night, okay? Wala lang talaga ako sa mood ngayon; it’s the wrong time of the month for me.”

“Excuse me, pero last week pa sinasabi mong ‘wrong time’. Yours is a week earlier than mine, right?”

“Please, I just need some peace and quiet.”

“Sinasabi ko na nga ba...” Gayunpaman, pinagbigyan siya nito. “Pero kapag nainip ka, samahan mo kami sa dance floor, okay?”

Tumango siya.

Mayamaya lang ay mag-isa na si Charlie sa mesa. Naisip tuloy niya, hindi na siya dapat pang nagtungo roon matapos ang graduation rites. Mahahawa lang

sa bad mood niya ang mga kasama. Kung bakit ba naman kasi nabanggit pa ng ama ang tungkol sa lumang bahay sa probinsya...

“Ano’ng balak mong gawin sa bahay ng lola mo?”

“Balak? Wala, wala ho akong balak, Pa.”

“Bakit hindi mo na lang ibenta? You never go there for a visit, anyway.”

“Wala pa sa isip kong ibenta ang pamana sa akin ni Lola.”

Apat na taon na rin niyang hindi nabibisita ang bahay sa Nueva Ecija. May punto si Atty. Marciano delos Reyes; bakit nga ba hindi na lang niya ibenta? What’s keeping her from selling it?

Sentimental value? Siguro nga. Pero tulad ng sinabi ng ama niya, praktikal iyon. Ngayong nakatapos na siya sa kolehiyo, dapat na siyang magsimula sa pinakaumpisa. Walang lugar ang lumang bahay sa kanyang foreseeable future.

Kinalimutan na niya ang Nueva Ecija mula nang kunin siya ng ama upang dalhin dito sa Maynila apat na taon na ang nakakaraan.

Hindi nga ba’t marami na ang nabago sa kanya sa mga panahong iyon? Hindi na siya ang inosenteng

Carlota delos Reyes—siya na ngayon si Charlie, si Charlie na palaban at hindi basta-basta naniniwala sa sinasabi ng iba.

Dito siya nababagay sa siyudad at hindi sa probinsya.

Tama. Maaari niyang ipagbenta ang ipinamanang bahay at lupa ng namayapang abuela at pagkatapos, ipambibili niya ng bagong bahay sa siyudad ang napagbentahan.

Nasa gayon siyang pag-iisip kaya hindi na niya namalayan ang paglapit ng isang lalaki. Immediately, he sat beside her, then started ogling her.

“Hi, sexy. Nice dress. Can I talk you out of it?” walang kaabug-abog nitong sabi. Akala siguro nito porque guwapo ay papansinin niya ito.

She just ignored him. At this time and age, sanay na siya sa gayong hirit ng mga lalaki.

Ngunit mukhang determinado ito. “So are you alone?”

Ang ginawa niya ay hinablot niya ang purse sa ibabaw ng mesa at walang sabi-sabing iniwan ito. Wala siyang panahon para sa gayong mga lalaki.

Gayunpaman, hindi niya mapagdesisyunan kung

makikigulo na lang siya sa mga kasama o tuluyang lalabas ng bar. Bandang huli ay sinunod niya ang isang bagay na maaaring kagagalitan ni Samantha dahil umalis siya ng club nang walang pasabi.

Tatawagan na lang niya ito mayamaya.

Pinaandar ni Charlie ang sasakyan nang walang particular na direksyong naiisip. She just wanted to drive on forever. Ayaw niyang umuwi sa kanila, at lalo namang ayaw niyang bumalik sa bar.

Peace and quiet, indeed.

For a while, she just drove on. Mabuti na lang pala at nakapagpagasolina siya nang full tank ngayong araw. Halos isang oras siyang nagpaikut-ikot sa Metro Manila area, pero hindi pa rin nawawalan ng gasoline ang sasakyan.

Ah, idederecho niya sa Bulacan ang kotse. Doon mas sariwa ang hangin. Mas mag-e-enjoy siya sa pagmamaneho.

But before she knew it, nakalampas na pala siya sa Bulacan. She was driving northbound. At doon pumasok sa isip niya. *Why not?*

Sa huling pagkakataon, bibisitahin niya ang lumang bahay sa Nueva Ecija bago niya pa iyon

tuluyang ipagbenta.

Halos apat na oras din bago niya narating ang nabanggit na lumang bahay. Pagod na si Charlie dahil sa halos walang patid na pagmamaneho; minsan lang siya tumigil at iyon ay upang bumili ng mga kakailanganin sa isang convenience store.

Naalala niya, wala nga pala siyang daratnang matinong gamit pagdating sa probinsya. Bumili siya ng pagkain, juice, tubig, magazine at baterya ng flashlight. Mabuti na lang at naalala niya ang huli dahil pihadong disconnected ang linya ng kuryente sa daratnang bahay.

Pasado alas dos ng madaling-araw nang iparada ni Charlie sa madamong bakuran ang sasakyan. Hindi na niya kailangang makita pero naramdaman niya ang alikabok, ang kalat sa paligid. Tumunog pa ang mga tuyong dahong naapakan niya at nasalat ng binti niya ang damong sintaas na ng tuhod.

Hindi nakapagtataka dahil nagmamadali niyang iniwan ang bahay apat na taon ang nakalilipas. She hadn't bothered to hire a caretaker.

Inilabas niya ang susi mula sa handbag saka binuksan ang front door. Mayamaya pa ay nasa loob

na siya ng two-storey house na kinalakhan niya, kasama ng abuela.

Binuksan niya ang dalang flashlight at inilibot ang ilaw niyon. Gayon na lang ang pagkasorpresa niya nang makitang bagaman makalat sa labas ng bahay, sa loob nito ay malinis. Hindi kaya nagmamagandang-loob ni Aling Estela na kanilang kapitbahay?

Siguro nga.

Unang pinuntahan ni Charlie ang malawak na kusina sa gawing kaliwa ng bahay. Hindi niya gaanong maaninag ang paligid at bagaman pamilyar, naroon ang kakatwang pakiramdam na iyon.

“Mag-abot ka nga ng isang plato, Charlotte.”

“Teka lang, Lola, naiiyak ako dito sa sibuyas...”

“Bilisan mo at baka masunog na itong niluluto ko! Batang ito...”

Sa pagdaloy ng mga alaala ng nakaraan ay bahagyang nakadama siya ng lungkot. At panghihinayang. Tumalikod na siya saka tinungo ang dating silid sa ikalawang palapag.

Natuklasan niyang halos ganoon pa rin ang hitsura niyon, ngunit ipinagtaka niya ang gamit na unan at kumot sa kama. Sa pagkakatanda kasi niya

ay itinago niyang lahat ang bed linens sa antique na aparador. Baka nakaligtaan lang niya.

Humikab siya. She felt so exhausted and sleepy.

Bahagya muna niyang inayos ang higaan, and a few minutes later, she was fast asleep. It was a dreamless sleep, the most restful sleep she had in years.

Pero nagising din si Charlie makalipas ang dalawang oras. Whether it was a sound or a feeling that woke her, she's not sure. Pinakiramdaman niya ang madilim na paligid. Sa nakabukas na bintana ay pumapasok ang presko, malakas na ihip ng hangin. Ito kaya ang dahilan kung bakit siya nagising?

Bagaman hindi nakaramdam ng takot, she felt weird. Na para bang may ibang tao sa bahay na iyon bukod sa kanya...

She heard the wooden floorboards creak. *It must be the house settling*, sa isip niya. Totoo namang napakatanda na ng bahay na iyon kaya kaunting ihip lang ng hangin ay tila nag-iingay na ito.

But at the sound of broken glass beside the open window, her eyes went wide in alarm. Hindi nga siya nag-iisa! May taong inakyat ang bintana!

Her first instinct was to scream for help, yet her voice died in her throat as she saw the tall man stagger toward her. May hawak itong flashlight pero hindi niya maaninag ang mukha nito sa mapusyaw na liwanag ng buwan.

She cowered against the bedpost.

Doon niya napansin na susuray-suray sa paglalakad ang lalaki. Nabitiwan nito ang hawak na flashlight kaya lalong nagdilim ang paligid.

Narinig niyang bumagsak ito sa kahoy na sahig. Lumipas ang ilang minuto na hindi niya narinig anumang ingay mula rito. Kung sinuman ang lalaki, siguradong nag-pass out ito sa sobrang kalasingan.

Mula sa bedside table ay kinuha ni Charlie ang flashlight, saka walang ingay na nilapitan ang dikilalang lalaki. Itinutok niya ang ilaw sa mukha nito, confident na hindi ito magiging. But then... she was curious one moment, surprised at the next.

She gaped like an idiot. There she was, staring directly at the face of a well-known man from her past.

“Dean...?” anas niya.

His eyes fluttered open, then tried to focus his

Dean's Kiss - Olivia Ray

gaze at her face. Pero dahil sa kalasingan ay muli itong pumikit.

Parang estatwa na natigilan si Charlie. Ilang sandali pa'y bumalik sa di-makalimot niyang puso't isipan ang alaala ng kahapon....

2

Nakilala niya si Dean nang siya ay sampung taong gulang pa lamang. Tulad niya, nag-aaral ito noon sa isang private school sa bayan.

Naaalala ni Charlie, isa siya sa mga estudyanteng halos hindi papansinin ninuman, much less kakaibiganin. Hindi niya iyon ininda, palibhasa sanay siyang mag-isa. Kaya nga wala siyang close friend o kabarkada noon. Who would want to be with a dull and lifeless girl, anyway? And that is why she questioned Dean's sanity the day he decided to take her under his wing.

Nakita siya ng grade five student na si Dean habang umiiyak sa classroom. Maliban sa kanya, ang ilang estudyante ay nasa labas para magmerienda sa school canteen. Or so she thought. Hindi niya namalayan ang paglapit ng dalawang kaklaseng lalaki—sina Nathaniel at Scott.

Tuwang-tuwang ipinagpag ng mga ito ang board eraser sa kanyang buhok habang siya ay nahirapan sa paghinga; may asthma kasi siya noon.

All year round iyon ginagawa sa kanya ng

dalawang kaklase, palibhasa alam ng mga ito na hindi siya manlalaban.

Napadaan si Dean sa classroom nila, at nakita nga nito ang pangyayari. Kinuha nito ang board eraser, saka ginawa sa mga ito ang ginawa rin sa kanya. Nagmukhang superior ang labindalawang taong gulang na binatilyo, palibhasa mas matangkad at matanda ito sa kanila.

Nang hapong iyon ay napunta silang apat sa principal's office. Habang naroon ay hindi pinakinggan ng punong-guro ang paliwanag ni Dean, bagkus sinisi nito ang huli sa nangyaring gulo.

Umano'y ito ang dapat umunawa sa mga nakababatang estudyante. Named as the *school bully*, ano nga ba ang magagawa niya? First impressions last. Maaari naman nitong ipagtanggol ang sarili, ngunit kataka-takang hindi nito ginawa iyon. Wala ba itong pakialam sa sasabihin ng ibang tao? She didn't think so. He's just being stubborn, iyon ang pagkakaintindi niya rito.

Mula nang mangyari ang insidente ay lagi na niya itong hinahanap. At the time he's got quite the bad reputation around campus. *Dean Michael Madrid, the school bully, great pain in the ass, etcetera.*

“Kulit, bakit ba buntot ka nang buntot sa akin?” tanong nito sa kanya minsang napansin siya sa likuran nito.

Gaya ng dati ay hindi siya nakaimik. They're complete opposites. Mahiyain at tahimik siya noon samantalang si Dean... Well, Dean is Dean.

“May kailangan ka ba?” untag nito nang hindi siya magsalita. Pero nang magsimulang kumunot ang noo nito ay bigla siyang natakot.

“A-ah kasi, kasi... thank you.”

“Yun lang ba? O sige, sibat na!”

“Huh?” Mangha-mangha talaga siya noon sa kagaspangan ng ugali nito.

“Okay na sabi...”

Sa paglipas ng mga buwan ay napag-alaman niyang sadyang gayon si Dean. May kagaspangan talaga ang pag-uugali nito ngunit para sa kanya ay mabait ito, kahit pa nga nakaka-intimidate. At isa pa, ang lalaki ang naging tagapagtanggol niya sa paglipas ng mga taon. She sort of looked up to him.

Sort of.

What can she say? Hindi si Dean ang eksaktong

modelo ng isang mabuting estudyante. Hindi ito ang tipong hinahangaan ng iba. Kung may isang bagay na magkatulad sila nito, iyon ay ang weirdness o pagka-eccentric nilang pareho.

Pero hindi naging madali ang pakikipaglapit niya sa lalaki. Isnabero ito. Higit pa roon, ugali nitong itulak palayo lahat ng taong nakikipaglapit dito. He could be mean, he could be rude whenever the mood strikes him.

Hindi niya alam kung paanong nagawa, ngunit unti-unti, na-penetrated ni Charlie ang pader na itinayo nito para sa sarili. Siguro dahil na rin nagsawa ito sa pagtataboy sa kanya.

But just to be fair, he could be loyal and fiercely protective to his few chosen friends. Suwerte at kabilang siya sa iilang iyon.

“Dean? Bakit nahuli ka ng isang taon?” tanong niya rito minsan. Hindi niya ito tinatawag na ‘Kuya’ noon.

“Bakit mo itinatanong?”

“Nagtataka lang ako...”

Inakala niyang hindi nito sasagutin, but fortunately, he did. “Huminto kasi ako ng isang taon

sa pag-aaral,” anito.

“Bakit ka huminto?”

“Inaantok ako sa lessons, eh. Nakaka-bore.”

“Bakit naman boring?”

“Sobrang dali naman kasi ng itinuturo nila! Bakit pa ako papasok kung alam ko na ‘yung mga lessons?’”

And one might think na nagyayabang lang ito. But as a matter of fact, totoong lahat ang binitawan nitong salita. Mataas ang IQ ng lalaki. Matalino ito lalo na pagdating sa numbers and analization. He has a way of remembering, learning stuff kahit minsan lang basahin ang libro. More often than not, ito ang nagtatama sa miminsang errors ng mga guro.

Some admired him, but some were irritated or intimidated by him. She's neither. Basta ang alam ni Charlie ay ito ang kanyang kuya-kuyahan, tapos ang usapan. Kaya nga siguro mainit ang dugo ng mga teachers noon kay Dean. It's his intelligence na nakakasaling ng pride. Wala pa naman itong patawad. Kung mali ka, mali ka talaga, keshodang guro pa o principal ng paaralan; wala itong pakialam.

Ngunit kahit gifted ay hindi ito mahilig mag-review o mag-aral. He doesn't have to, anyway.

May pagkakataong tinanong niya ito tungkol sa pangarap nito sa buhay. Teenager na sila sa mga panahong iyon. “Ano’ng balak mong kunin na course? Lapit na ng graduation mo, ah.”

“Bakit mo tinatanong?”

By that time, alam na niyang gayon ang normal attitude ni Dean. She’s come to a conclusion that when he’s naturally nice, then something was wrong. Either problemado ito o pinapasakay nito sa isang joke. Kung hindi man ay balak siyang hingan nito ng pabor.

“Gusto ko lang malaman.”

“Gan’on? Hmm... ano nga kaya? Kahit ano na lang siguro basta ‘wag lang ‘yung nakakaantok. Magsundalo na lang kaya ako? Babarilin ko lahat ng *Abu Sayyaf* sa Mindanao. Kaya lang baka magkaroon naman ako ng Post-Traumatic Stress Syndrome. Engineering na lang kaya?”

Proud siya para kay Dean. Madalang kung sabihin nito sa ibang tao ang hopes and aspirations; madalang pa sa patak ng ulan kung mangyari iyon. Those days ay mas nakahiligan kasi nito ang pakikipagbasag-ulo, sa kunsumisyon ng ina nito. Tuloy, pinakiusapan si Charlie ng huli na kung maaari

ay magsabay na lang sila tuwing uwian, tutal ay iisang ruta ng jeep ang sinasakyan nila tuwing hapon.

Dahil doon ay lagi na silang magkasama. Halos lahat ng nangyayari sa kanya ay alam nito, and vice versa. Pati lola niya ay kasundo nito, palibhasa lumalabas ang pagkabolero ni Dean kapag ito ang kausap. Natatawa nga siya sa tuwing maaalala ang magandang samahan ng dalawa...

“La, ako na diyan! Bakit ba kasi nag-iigib ka ng tubig, may Nawasa naman kayo sa loob? Tsk, masisira ang beauty mo niyan,” naalala niyang sabi ng kaibigan sa lola niya minsang bumisita at inabutan itong nagsasalok ng tubig sa poso sa bakuran. Tanging ito lang ang nakapagsabi niyon sa kanyang abuela.

“Bata ka, umalis ka nga sa harapan ko! Que aga-aga nambobola ka. At ano’ng akala mo sa akin? Uugud-ugod na isang timba lang, eh, hindi mabuhat?”

“Wala naman akong sinabing uugud-ugod ka, ah. Sige na, ako na ang magbobomba dito... Kayang-kaya na ito ng pogi ninyong apo.”

Ngunit hindi pa rin pumayag ang kanyang lola. Ayaw rin namang magpatalo ni Dean. Ang ginawa na lang ng huli ay pinangko ang matanda, dali-daling dinala sa loob ng bahay at iniupo sa isang bangko sa sala.

Ah, si Dean. He could be nice when he wants to. Pero kapag umiiyak siya noon, pilit niya iyong itinatago sa kaalaman ng lalaki. Kung hindi ay tatawagin siya nitong 'Lottie the Crybaby'. Kahit pa nga batid nitong dalagita na siya nang mga panahong iyon.

“Umiiyak ka na naman ba?” tanong nito minsang makita siyang nakaupong mag-isa sa isang bench sa loob ng campus.

“Hindi, ah!” mabilis na tanggi niya.

“Hindi raw. Pero bakit ganyan ang hitsura mo, Carlota?”

“Ganito naman lagi ang hitsura ko, ah.”

Napapailing na naupo ito sa tabi niya.

Patlang.

“Dean?”

“Oh, bakit?”

“Pangit ba ako?”

He was stunned at first. Hindi nito malaman ang sasabihin. Ngunit nang makabawi sa pagkabigla ay humagalpak ito ng tawa.

“Wag mo na ngang sagutin,” aniya na muling nangingilid ang luha. “Kalimutan mo na lang na tinanong kita, okay?”

“Nagmaganda pa! Oy, Carlota, hindi mo bagay pag gumaganyan ka. Oh, iiyak ka naman ba, Lottie the Crybaby?” Sinundan nito ang kanyang tingin na noon ay nakapokus sa isang lalaki sa di-kalayuan. “Langya, kaya naman pala nagtanong ng ka-weird-uhan ... Sino ba ‘yung kumag na ‘yun?” Ininguso nito ang namataang lalaki.

“Charles Vincent Bernardo ang pangalan niya, kaklase ko.”

“Pangalan pa lang baklain na,” paismid na pahayag nito. He sounded disgusted.

“Grabe ka namang magsalita, Dean.”

“Totoo naman, ah. Oy, Carlota, pinoproblema mo ‘yang babaerong bakla na ‘yan? Wala ka bang magawa sa buhay mo, ha? Ang mabuti pa makigulo ka na lang sa mga kaklase mong babae, kung bakit ba kasi takot na takot ka sa tao, hindi ka naman kapre.”

Ngunit hindi nito nagawang i-divert ang atensyon ni Charlie mula kay Vince. He was her second puppy love. Kung ikukumpara ito kay Dean... Ni hindi niya ito maikumpara kay Dean. Her friend despised

popularity whereas the former revel in it. Palibhasa ay campus crush ito noon. Moreover, Vince liked to flirt with girls. Nang sabihin niya kay Dean na maging siya ay binibiro-biro nito at sukat na lang itong nagalit sa kanya.

“Gustung-gusto mo naman?” angil nito.

“Hindi, ah!”

“Look, boys will always be boys. Nasa 'yo na kung maniniwala ka sa pambobola niya.”

Talagang napipikon ito kapag si Vince ang pinag-uusapan. Unfair, dahil kapag ito ang nagbibida tungkol sa kung sinu-sinong babae ay hindi naman siya kumontra, bagaman naiinis. Hindi niya ito pinakialaman kahit pa nga hindi niya nagustuhan ni isa sa mga ipinakilala nitong nobya. Lalo pa nga nang tumuntong ito ng kolehiyo.

Doon na nagbago ang lahat.

Naiwan siyang mag-isa sa eskuwelahan. Wala na siyang kasa-kasama tuwing uwian. Wala na ang kaisa-isang nagpagsasabihan niya ng mga saloobin. Higit sa lahat, nawala ang kanyang tagapagtanggol.

Ngunit ang pagbabagong iyon sa kanilang samahan ay naging permanente mula nang mangyari

Dean's Kiss - Olivia Ray

ang isang insidente sa pagitan nilang dalawa.

She asked him to kiss her as a favor. Needless to say, that brought an end to their friendship. Nawala sa kanya ang pinakamatalik na kaibigan, ang una niyang pag-ibig.

3

Nagbalik sa kasalukuyan ang naglakbay na diwa ni Charlie nang marinig ang pag-ungol ni Dean sa tabi niya. Datapwa't kumilos, hindi naman ito nagising.

Hindi na siya muling naidlip. Kinumutan lamang niya ang nahihimbing pa ring lalaki saka bumaba sa sala. Hinintay niya ang pagsikat ng araw roon habang nagmumuni-muni.

Sa dinami-dami ng araw at pagkakataon, bakit ngayon pa nagtungo si Dean doon? Hindi niya inasahan ang pagkikita nilang ito. Damn it, pero hanggang ngayon ay malakas pa rin ang kabog sa kanyang dibdib. Apat na taon ang lumipas, marami nang nagbago sa kanya. Pilit niyang kinalimutan ang mga bagay-bagay na patungkol kay Dean, pero ano itong nararamdaman niya? One glimpse of him and there she goes.

Estupida ka, Charlie! sita niya sa sarili.

Hindi na sila teenagers ni Dean. More likely, kinalimutan na rin nito ang nakaraang issues sa pagitan nilang dalawa. Higit pa roon, it's not as if kailangan nilang pag-usapan ang nakaraan porque

nagkita sila ngayon.

Maaari naman siguro silang maging civil sa isa't isa kahit man lang sa kahuli-hulihang pagkakataon. Tatal hindi na nila kailangang makita ang isa't isa oras na maipagbenta niya ang lumang bahay. Pagkatapos niyon ay babalik na siya sa Manila at hindi na kailanman babalik sa lugar na ito.

Right. Aakto na lang siya na parang hindi masama ang loob sa ginawa nitong panloloko apat na taon ang nakakaraan.

When he woke up few hours later, she was cooking breakfast. Or brunch. Nakapamilya na siya sa bayan ng groceries at damit na gagamitin niya sa ilang araw na pananatili roon, bahagyang umaasa na sa pagbabalik niya ay hindi na daratnan doon si Dean, ngunit nabigo lang siya. Pagsilip niya sa silid ay naroon pa rin ito.

Presently, natigilan ang binata ang makita siya sa harapan ng stove. Narinig siguro nito ang ingay na nagmumula sa kusina kaya pumunta roon.

“Hi,” bati niya pagkakita rito, sinisikap pakalmahin ang malakas na tibok ng puso. Kung natutuwa man itong makita siya ngayon ay hindi niya alam—he’s awfully silent.

Sa wakas nagsalita rin ito. “Bakit narito ka?”

“Funny, I was gonna ask you the same question.”

His face remained passive, expressionless. Dati ay napakadali lang para sa kanya ang basahin ang nilalaman ng isip nito.

Hindi na ngayon.

“Kelan ka pa dumating?” tanong muli nito.

“Kaninang alas dos ng madaling-araw. Narito na ako bago ka pa man dumating. You were so drunk you can hardly walk straight.” Tinungo ni Charlie ang kitchen table kung saan nakapatong ang pinamiling groceries. “Which reminds me... heto ang gamot para sa hangover. Namili ako kanina habang natutulog ka.”

“Salamat.” Kinuha nito iyon saka muling nanahimik.

Bakit kaya tahimik ang binata? Pinapahirap lang nito ang kasalukuyang sitwasyon. But then... siguro nga siya lang ang nahihirapan.

He has changed then. Not just physically, though iyon ang unang nakapukaw sa atensyon niya. His frame had filled out. At mas lalo pa itong tumangkad ngayon. Yet gone is the mischievous grin he always wore.

She wondered what changed him.

Ipinamulsa ni Dean ang mga kamay sa magkabilang bulsa ng pantalong maong. Nais sana niyang mangiti, ngunit pinigilan niya ang sarili. But it comforted her to know that some things, however insignificant it seems, remained.

“You’ve changed a lot, Dean,” she commented.

“And so do you.” He assessed her get-up. He looked intently at the red tank top and the snug jeans, even at the *Nike* ripple trainers she was wearing, saka siya tinitigan. “Napakalaki na nga ng ipinagbago mo.”

And to think he never saw the skimpy dress she wore last night.

“Well, four years is quite a long time.”

“You have no idea.”

Hindi niya sigurado kung ano ang ibig nitong sabihin sa huling pahayag na iyon, kaya ang ginawa ni Charlie ay iniba na lang ang usapan. “Nagluto ako ng brunch. Halika, kumain tayo.”

“Hindi ako nagugutom.”

“Well, I am if you aren’t.”

Habang kumakain ay pinanood siya nito. Tuloy,

hindi siya mapakali sa ginawa nitong pagmamasid.

Mayamaya ay binasag nito ang katahimikan. “Hindi mo pa sinasagot ang tanong ko... bakit ka narito?”

“Binibisita ko lang ang bahay.”

“Really?”

Natigilan siya sa sarkasmong kalakip ng katagang iyon. “Oo naman.”

“Para sa isang taong hindi sinilip ni minsan itong bahay sa loob ng ilang taon, nakakapagduda.”

“Opinyon mo ‘yan, Dean.”

“Yeah, one of the many. Pumasok din sa isip ko na kinalimutan mo na ‘tong bahay mula nang mapadpad ka sa Manila,” pahayag nito.

“You’re wrong on both accounts,” katuwiran niya.

“Am I?”

“Now you’re being rude.”

“I’m merely stating facts,” giit ng binata.

Lumitaw rin ang katotohanan. Hindi nila kailangang magpaka-civil sa pakikitungo sa isa’t isa. He’s still angry.

And so is she.

Pero hindi ibig sabihin niyon na kailangang mawala ang kanyang composure. No, kahit kailan hindi niya ipapaalam kay Dean na nasaktan siya nito nang labis noon. Keyword: *Noon*.

“Wala akong kailangang ipaliwanag sa 'yo, Dean.”

“The funny thing is, I don't expect you will.”

Makailang ulit na napailing si Charlie saka napabuntong-hininga. “Very well, let me do the ‘unexpected’. Bumalik ako dito para ipagbili itong bahay. Wala sa intensyon kong makipagtalo sa 'yo. Pagkatapos kong gawin ang binabalak, babalik din agad ako sa Manila.”

Sa unang pagkakataon ay lumitaw sa mukha nito ang tunay na nararamdaman. He looked downright disgusted at her. “Bakit ba nagulat pa 'ko? I should've known. Tell me, nagustuhan mo ba ang nakikita mo? Ikinatuwa mo ba nang malamang maayos pa rin itong iniwan mong bahay? More likely, maibebenta mo ito sa mas mataas na halaga, tama?”

“What is wrong with you?” she hissed.

Nagpatuloy ito na animo'y hindi siya narinig.

“Naaliw ka bang masyado sa Manila? To the point na ipagbebenta mo itong pamana sa 'yo ng lola mo?”

“Wala kang ideya sa anumang pinagdaanan ko sa Manila, Dean, kaya wala kang karapatang magsalita ng ganyan,” malamig na saad niya.

“Because you never gave me the chance.”

“Inaasahan mo ba talagang sasabihin ko sa 'yo pagkatapos mong....” Siya mismo ang pumigil sa sarili. “I'm gonna have to ask you to leave. Now.”

“Why?”

“Why? Dahil...” Tumayo siya, gayundin naman ito, “Why are you treating me like this?”

His laugh was without humor. “You just don't get it, do you? Bigla ka na lang umalis, bigla ka ring nagbalik. Wala ka bang pakiramdam, Carlota?”

Carlota. Tinawag siya sa pangalang ito lamang mismo ang tumatawag sa kanya. “Dean—”

“O baka naman nasa akin ang problema? Dapat pumasok sa kukote ko na mas gugustuhin mo sa siyudad. Kung gan'un, wala akong karapatang kagalitan ka. I shouldn't have expected more from you.” Nilapitan siya nito. “Like hell. I expected *a lot* from you. Just so you know, kung meron man akong

ikinagagalit, ‘yun ‘yung nagawa mo akong iwan pagkatapos ng lahat. Hindi issue sa ‘kin sumama ka man sa tatay mo. I would’ve understood the need.”

“Oh, would you have?” aniya.

Damn it, bakit siya inaatake ng ganito ni Dean? Higit pa roon, bakit ganito ang nararamdaman niya? Pakiramdam niya ay tila tinatambol ang kanyang dibdib. Nanlalambot ang kanyang tuhod.

“You find that hard to believe?” Ngunit nabawasan ang galit nito nang makita ang pamamasa ng kanyang mga mata. “Damn you....”

His kiss brought back memories from long ago. She tried to resist him, but he was too strong for her. She sighed and allowed herself to melt against this assault of her senses.

“Ano’ng pumasok sa kukote mo, Carlota?”

“Magpapaturo lang humalik, eh...”

“Carlota, hindi itinuturo ‘yun! Natututunan na lang bigla!”

“Tbig mong sabihin hindi ka nagpapaturo sa iba?”

“Bakit naman ako magpapaturo? It’s only a matter of instinct.”

“Pero hindi ko maintindihan ang sinasabi mo!”

“Wag mo nang piliting intindihin kung hindi mo kaya, okay? Tantaran mo na ‘ko. Hindi mo alam ang pinagsasasabi mo.”

“Dean naman, eh... Ano’ng gusto mo, magpaturo ako sa iba?”

Sandali silang nagkaroon ng silent battle of wills. She pleaded with her soulful eyes, at mayamaya lang nilamukos ni Dean ang mukha dala ng matinding frustration.

In an impatient and gruff manner, inakay siya nito sa lilim ng punong mangga. Inilapag muna nito ang paperbag na naglalaman ng pagkain para sa kanyang lola, saka sinuportahan ng dalawang palad ang magkabila niyang pisngi.

Mabuti na lang at walang tao sa paligid, palibhasa malalim na ang gabi.

Ani Dean, “Pagkatapos nito ‘wag mo na ‘kong kukulitin, okay?”

She nodded in agreement.

“Hahalikan na kita ngayon. All you have to do is go with the flow,” he continued his discourse matter-of-factly, as if explaining a new farming method.

“Okay. Go with the flow,” anas ni Carlota. Inisip na lang niya na pagkatapos nito ay papansinin na siya ni Vince. Sa palagay kasi niya hindi nito gugustuhin ang mga babaeng naïve pagdating sa mga ganitong bagay.

Go with the flow, paalala niya sa sarili na mariing ipininid ang mga mata. She's not the least nervous lalo na't sanay sa presence ni Dean.

Or so she thought.

She felt his lips touch hers and it felt like the tiny fluttering of a butterfly's wing. So soft and gentle...

It felt pleasant.

Then he opened his lips as he maneuvered to open hers. For a delicious moment, he teased her inexperienced lips.

Seconds passed before she became accustomed to the kiss. It's sort of relaxing, pleasurable at the same time. She wrapped her arms around his neck while he held her waist tightly.

It was nice. It was innocent. Just like a casual meeting of lips.

Until he deepened the kiss.

He began to suck her lower lip and she felt warm

Dean's Kiss - Olivia Ray

all over. Sinubukan niyang gantihan ang halik nito, ngunit isa siyang amateur kung ikukumpara sa lalaki. There's that white noise going on inside her head and she began to squirm; she suddenly felt tense.

Naramdaman din niya ang tension kay Dean. It's as if he was trying to lighten the kiss for her sake but wasn't quite successful with it.

Then his tongue touched hers in a motion that shocked her, thrilled her. She hadn't expected a kiss to be so dark and dangerous...

Hindi niya ito inasahan mula sa kaibigan.

He continued his gentle assault as he played with her lips, her tongue, the insides of her mouth. He gave and gave and she took all of it until her knees turned to jelly.

Hindi niya talaga inasahang magiging ganito. Her whole body shook as the kiss continued... and continued. They kissed for a long time until she came up for air.

They were both breathing harshly while he looked at her in a way that disturbed her so much.

"Ginawa mo ba ito para kay Vince?" tanong nito. He placed his hands inside his jeans' pockets.

“Oo.” Hindi na niya magawang tumingin dito nang derecho.

“Gan’un mo siya kagusto?”

“Siguro.” Wala siyang ibang maisip na sabihin. Tila naburang lahat ng bokabularyo sa utak niya.

“Then go get him,” he said softly.

He’s being kind and passive that she thought something’s wrong with him, the same way there’s something wrong with her.

Charlie gasped when their lips finally parted.

“Bakit mo ginawa iyon?” namamanghang tanong niya kay Dean. She touched her still throbbing lips with her fingertips as she slowly backed away from him.

Bakit hindi niya ito nagawang itulak kanina?

“For the last time I wanted to.”

“Why?”

“So many questions and yet you don’t give me answers.” Patlang. “Just do me a favor, Charlotte. Don’t come back if you decided to go away again. I’ve lost you once, but I don’t think I can take that again.”

“Ano’ng ibig mong—“

“Just leave.” Tinungo nito ang pinto. “Ayoko nang makita ka pa ulit.” Iniwan na siya nito.

And so do I! sigaw ng utak niya. Just what the hell did he say? Pagkatapos ng mga sinabi nito, inaasahan ba talaga nitong matatahimik ang isip at kalooban niya?

Siguro nga kailangan muna nilang tuldukan ang nakaraan bago masimulan ang kanilang hinaharap.